
GRADE V

# PROYEKTO: PANAHANAN SA PANAHON NG AMERIKANO

## ALAMIN MO



Tingnan mo ang nasa larawan. Ang mga kalsada ay maayos at sementado. May mga sasakyan at naglalakihang mga gusali.

*Ganyan ba ang ayos ng inyong pamayanan? May pagbabago ba?*

Naging kapansin-pansin ang mga pagbabago sa panahanan ng mga Pilipino sa pagdating ng mga Amerikano.

Sa modyul na ito malalaman mo ang ginawang pagbabago ng mga Amerikano sa panahanan at pamayanan ng mga Pilipino.
Handa ka na ba?

## PAGBALIK-ARALAN MO

Bago mo simulan ang pag-aaral sa bagong aralin, magbalik-aral ka muna.

Panuto: Itambal ang hanay A sa hanay B.
Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kwaderno.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Pamayanan sa pamamahala ng isang pari | A. pueblo |
| 2. Ang sentro ng lalawigan o parokya | B. Azotea |
| 3. Ang pinagsama-samang barangay | C. parokya |
| 4. Ang nadagdag na bahagi ng tirahan ng mga Pilipino | D. Batalan |
| 5. Ang pook tirahan ng mga tao | E. Kabisera |
| | F. panahanan |

## PAG-ARALAN MO

Basahin mo ang pakikipanayam ng isang mamamahayag at ng isang arkitekto.

Mamamahayag: Anu-anong pagbabago ang ginawa ng mga Amerikano sa panahanan ng mga Pilipino?

Arkitekto: Ang mga lugar sa bansa ay isinaayos ng mga Amerikano. Hinati nila ang mga ito sa sona o zones. Ang mga paaralan ay inilagay sa iba't ibang lugar. Ang mga tirahan ng mga tao ay tinipon sa mga nakalaang lugar. Ang bawat panahanan ay malapit sa mga ospital, pamilihan, paaralan at daanan ng sasakyan.

Mamamahayag: Paano na ang nangyari sa mga panahanang nasa bundok at liblib na pook?

Arkitekto: Napansin din ng mga Amerikano ang mga panahanang ito na nasa bundok, liblib na pook at layu-layong mga bahay. Nagpagawa ang mga Amerikano ng mga lagusan sa bundok ng maraming daan at tulay upang mapag-ugnay ang malalayong lugar.

Mamamahayag: May nagbago ba sa kayarian ng mga bahay?

Arkitekto: Nag-iba ang mga disenyo at materyales na ginamit sa mga bahay na ipinatayo. Ang mga bubong ay yari sa galbanisadong yero. Ang mga sahig at dingding ay yari sa tabla. May isa o dalawang silid ang bawat bahay.

Mamamahayag: Ang mga gusali ba ay may pagbabago rin?


Arkitekto: Ang mga gusali ay naging "*neoclassic*" ang arkitektura. Ang tanggapan ng koreo sa Maynila at Korte Suprema sa Maynila ay may mataas na haligi at malalaking hagdan.

May larawan akong ipakikita sa iyo na halimbawa ng mga bahay at gusali sa panahon ng Amerikano.

Tanong:

1. Paano inayos ng mga Amerikano ang panahanan ng mga Pilipino?
2. Paano nakatulong ang mga lagusan, daan at tulay sa mga Pilipinong nakatira sa bundok at liblib na pook?
3. Anu-ano ang mga pagbabago sa kayarian ng mga bahay at gusali?





## PAGSANAYAN MO

Hanapin at isulat mo sa isang papel ang salitang inilalarawan ng palatandaan.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | M | S | T | R | A | M | A | N |
| L | A | K | O | R | E | O | S | L | A |
| D | A | A | N | - | T | U | L | A | Y |
| P | A | M | A | H | A | L | A | A | N |
| P | A | M | I | L | I | H | A | N | A |
| A | Y | M | H | A | G | D | A | N | A |
| N | E | O | C | L | A | S | S | I | C |
| A | R | P | A | A | R | A | L | A | N |
| A | O | S | P | I | T | A | L | A | A |

Palatandaan:

1. ang ginawang pagsasaayos ng mga Amerikano sa lugar sa Pilipinas
2. isang malawak na lugar na inilaan ng mga Amerikano
3. ang mga ito ay makikita sa bawat panahanan
4. ginawa ito upang makapag-ugnay ang mga nakatira sa bundok at liblib na pook
5. ang arkitektura ng mga gusali
6. ang kayarian ng mga bubong ng bahay
7. ito ay parte ng gusali na matataas at malalaki

## TANDAAN MO

*Ang uri ng panahanan ng mga Pilipino ay nagbago sa panahon ng mga Amerikano.*

## ISAPUSO MO

Basahing mabuti ang sitwasyon sa ibaba at sagutin mo ang kasunod na tanong.

Ang panahanang binago ng mga Amerikano ay nakatulong nang malaki sa pamumuhay ng mga Pilipino.  Kung nabubuhay ka noong panahon ng Amerikano at isa ka sa nakinabang sa pagbabago ng panahanan, ipagmamalaki mo ba ito at bakit?

## GAWIN MO

Sumulat ka ng tatlong (3) pangungusap tungkol sa kahalagahan ng pagbabago sa mga panahanan ng mga Pilipino sa panahon ng mga Amerikano.





## PAGTATAYA

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy sa Hanay A. Titik lamang ang isulat mo sa iyong kwadernong sagutan.

Hanay A

_______1. Ang ayos na ginawa ng mga Amerikano sa mga panahanan.

_______2. Inilagay sa iba't ibang lugar.

_______3. Bawat panahanan ay mayroon nito.

_______4. Ang ginawa ng mga Amerikano upang magkaugnay ang malalayong pook.

_______5. Ang nakalaang lugar para sa mga taong pinagsama-sama.

_______6. Ang ginamit na bubong.

_______7. Ang uri ng arkitektura ng mga gusaling ipinagawa.

_______8. Isang halimbawa ng mga gusaling may matataas na haligi at malalaking hagdan.

_______9. Ang pumalit sa sahig na yari sa semento.

_______10. Ang nadagdag sa loob ng bahay.

Hanay B

A. tisa

B. yero

C. sona

D. silid

E. tabla

F. koreo

G. ospital

H. tirahan

I. paaralan

J. neoclassic

K. daan at tulay



## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Ngayon, mangalap ka ng mga larawan ng mga panahanang sa palagay mo ay isinaayos sa panahon ng Amerikano.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.